IRON MOUNTAIN®

# KODIGO NG ASAL PARA SA SUPPLIER NG IRON MOUNTAIN

# MGA NILALAMAN


/03 INTRODUKSYON

/04 MGA PAGPAPAHALAGA NG IRON MOUNTAIN

/04 PAGTUON SA ETIKA AT PAGSUNOD

/05 PROTEKSYON SA PRIVACY AT DATOS

/05 MGA ETIKAL NA KAGAWIAN SA LUGAR NG TRABAHO AT LABAN SA PANG-AALIPIN

/06 KALUSUGAN, KALIGTASAN, AT SEGURIDAD

/06 LABAN SA DISKRIMINASYON, PAGGALANG SA PAGKAKAIBA-IBA, AT PATAS NA OPORTUNIDAD SA TRABAHO

/07 KAPALIGIRAN AT SUSTAINABILITY

/07 LABAN SA PANUNUHOL AT LABAN SA KATIWALIAN

/08 MGA REGALO AT PAGLILIBANG

/08 PAGBIBIGAY NG MGA SERBISYO SA PAMAHALAAN

/09 MGA SALUNGATAN NG INTERES

/09 MGA INTERNASYONAL NA BATAS AT REGULASYON SA PAKIKIPAGKALAKALAN

/09 INSIDER TRADING

/10 ANTITRUST AT PATAS NA KOMPETISYON

/10 PAGGAMIT NG MGA SUBCONTRACTOR

/10 BRAND AT REPUTASYON

/11 PAGSUSURI SA PAGSUNOD AT PAG-UULAT NG MGA PAGLABAG

/11 PAGBABAWAL SA PAGHIHIGANTI

/11 PAGBABAWAL SA PAGGAWA NG MGA KARAPATAN NG THIRD PARTY

# INTRODUKSYON

Tiwala. Mahirap itong makamit, at madali itong masira. Sa loob ng halos pitong dekada, ang aming mga Pagpapahalaga at kung paano namin isinasabuhay ang mga ito ang naging dahilan kung bakit nagtitiwala sa amin ang aming mga kostumer, supplier, at shareholder. Patuloy na ginagabayan ng aming mga Pagpapahalaga ang aming mga asal at kinakatawan ang mga pamantayang pinakamahalaga para sa amin.

Lubos na pinapahalagahan ng Iron Mountain ang mga ugnayan nito sa supplier, at bilang isang pinagkakatiwalaang tagapagbigay ng serbisyo ng Iron Mountain, mayroong kang mahalagang tungkulin sa pagbibigay-daan sa amin na maisabuhay ang aming mga Pagpapahalaga at ang aming mga pangako: sa ating mga kostumer, empleyado, shareholder, at komunidad kung saan tayo naninirahan at nagtatrabaho.

Itinatakda ng Kodigo ng Asal Para sa Supplier ng Iron Mountain (na sumusuporta sa aming Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo) ang mga prinsipyo, pamantayan, at kagawiang kinakailangan para sa pakikipagtransaksyon sa amin. Inaasahan ka naming sumunod sa mensahe at diwa ng Kodigo, at gamitin ito bilang isang mapagkukunan upang makatulong sa pagbibigay ng serbisyo na etikal at sumusunod sa legal na kinakailangan. Tandaan na ang paglabag sa Kodigo ay maituturing na paglabag sa inyong kasunduan sa Iron Mountain – na magreresulta sa pagwawakas ng ating ugnayang pangnegosyo.

Kung magkaroon ng sitwasyon sa panahon ng ating ugnayang pangnegosyo na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magbigay sa amin ng serbisyong nakakatugon sa aming mga Pagpapahalaga o Kodigo, makipag-ugnayan sa iyong kinatawan ng Iron Mountain o sa team ng Privacy at Pagsunod ng aming Legal na Departamento sa compliance@ironmountain.com.

# MGA PAGPAPAHALAGA NG IRON MOUNTAIN

### KUMILOS NANG MAY INTEGRIDAD

Kami ay bukas at tapat, at araw-araw naming isinasabuhay ang aming mga pagpapahalaga.

### SARILING KALIGTASAN AT SEGURIDAD

Pinoprotektahan namin ang aming mga sarili at ang isa't isa mula sa panganib, at binabantayan namin ang mga asset ng aming mga kostumer na para bang sa amin ito.

### ITAGUYOD ANG KAHALAGAHAN NG KOSTUMER

Palagi kaming naghahanap ng mga paraan para mas mabuting mapaglingkuran ang aming mga kostumer at pahusayin ang kanilang negosyo.

### AKUIN ANG RESPONSIBILIDAD

Inaako namin ang personal na responsibilidad para sa tagumpay ng aming team at ng mga kostumer, at para sa aming kompanya.

### ISULONG ANG PAGIGING KABILANG AT ANG PAGTUTULUNGAN

Hinahanap namin at pinahahalagahan ang mga natatanging ideya at pananaw ng isa't isa para makakuha ng mas magagandang resulta.

# PAGTUON SA ETIKA AT PAGSUNOD

Nagpapatakbo ng negosyo ang Iron Mountain nang may ganap na pagsunod sa mga nalalapat na batas, panuntunan, at regulasyon – anuman ang uri ng serbisyong ibinibigay namin, o saanman ito ihahatid. Para tumulong na matiyak ang pagsunod, nagpapanatili kami ng matatag na programa sa etika at pagsunod, kung saan ang pundasyon ay ang aming Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo. Binibigyan kami ng Kodigong ito ng direksyon sa etikal at masunuring asal, at nagbibigay ng mga sanggunian para makakuha ng higit pang tulong o pag-uulat ng mga paglabag. Bilang kondisyon sa trabaho, kailangang magkaroon ng sertipikasyon ang lahat ng empleyado sa Kodigo, at sa iba pang patakaran ng kompanya.

Bilang isang pinagkakatiwalaang tagapagbigay ng serbisyo, iniuutos naming kumilos ka rin nang may ganap na pagsunod sa batas, at sa paraang nakakatugon sa aming Mga Pagpapahalaga at Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo. Sa aspektong iyon, depende sa uri ng serbisyong ibinibigay mo (at sa mga tuntunin ng kontrata), maaaring ipag-utos sa iyong lumahok sa mga pagsasanay sa pagsunod, mag-certify sa mga patakaran ng Iron Mountain, o sumunod sa iba't ibang batas at regulasyon.

Bago simulan ang iyong serbisyo sa Iron Mountain, gawing pamilyar ang sarili mo sa aming Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo, na makikita sa sumusunod na address: www.ironmountain.com/code.

# PROTEKSYON SA PRIVACY AT DATOS

Sa loob ng pitumpung taon, patuloy na nakamit ng Iron Mountain (at pinapanatili) ang tiwala ng mga kostumer sa pamamagitan ng ligtas na pagprotekta sa impormasyon at iba pang asset. Nagpapanatili ang Iron Mountain ng mga kontrol sa pagprotekta sa privacy, seguridad, at datos na nakakatugon o higit pa sa aming mga legal na obligasyon, obligasyon ayon sa kontrata, at iba pang may bisang obligasyon (gaya ng mga pamantayan o sertipikasyon sa nauugnay na industriya).

Kapag pinangangasiwaan mo ang impormasyon o mga asset sa ngalan namin – ito man ay sa aming mga empleyado o sa aming kostumer– iniaatas namin sa iyo na panatilihin mo itong ligtas, kumpidensiyal, at gamitin ito para lang sa awtorisadong mga layunin. Ibig sabihin nito, ang paglalapat ng mga antas ng proteksyong hindi kailanman bababa sa legal na obligasyon, obligasyon sa kontrata, o iba pang may bisang obligasyon na naaangkop sa iyo.

Bilang bahagi ng pagtuong ito, maaaring atasan kang magpanatili (at magpamalas) ng mga epektibong pisikal, teknikal, at administratibong kontrol sa privacy at seguridad ng datos na pinangangasiwaan mo. Depende sa mga serbisyong ibinibigay mo at sa uri ng impormasyon o mga asset na pinangangasiwaan mo para sa amin, maaari ding iatas sa iyo na sumailalim sa Third Party Risk Assessment ng Iron Mountain o sa Vendor Privacy Assessment, na tutulong upang matukoy kung naaangkop ba ang karagdagang pag-iingat.

# MGA ETIKAL NA KAGAWIAN SA LUGAR NG TRABAHO AT LABAN SA PANG-AALIPIN

Nakatuon ang Iron Mountain sa paglalapat ng mga alituntunin ng Mga Pagpaphalaga at Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo nito sa lugar ng trabaho. Dahil doon, patuloy kaming nagsisikap para pahusayin ang mga kondisyon sa pagtatrabaho ng aming mga empleyado, at upang matugunan ang lahat ng legal na kinakailangang nauugnay sa mga karapatan sa paggawa at pag-oorganisa, at mga oras ng trabaho (kasama ang boluntaryong pag-overtime). Bilang supplier ng Iron Mountain, inaasahan naming makikibahagi ka sa pagtuong ito at igagalang ang anuman at lahat ng naturang karapatan.

Anuman ang uri o lokasyon ng serbisyong ibinibigay, dapat sumunod ang mga supplier ng Iron Mountain sa lahat ng nalalapat na legal at iba pang may bisang obligasyon kaugnay ng mga kagawian sa trabaho at kondisyon sa pinagtatrabahuhan. Dapat isagawa ng mga supplier ang lahat ng kinakailangang hakbang upang matiyak na natutugunan ng kanilang mga manggagawa ang minimum na legal na edad para sa pagtatrabaho, at na ganap na boluntaryo ang kanilang serbisyo – na nangangahulugang hindi ito dapat magsangkot ng mga pang-aalipin, puwersahan o sapilitang pagtatrabaho, o human trafficking. Dapat din itong bayaran nang naaangkop, at isagawa sa mga kondisyong ligtas at hindi masama sa kalusugan.

Iniaatas namin sa iyo – at sa sinumang nagbibigay sa iyo ng kalakal o serbisyo – na sumunod sa lahat ng naaangkop na mga pangregulasyong kahilingan na kaugnay ng laban sa pang-aalipin at human trafficking (gaya ng U.K. Modern Slavery Act). Inaatasan ka rin naming magpatupad ng naaangkop na mga kontrol at pamamaraan sa loob ng iyong kompanya at sa loob ng iyong supply chain upang mapigilan ang modernong pang-aalipin, at hindi ka magsagawa ng aksyong magiging sanhi sa hindi pagsunod ng Iron Mountain sa sarili nitong pangangailangan.

# KALUSUGAN, KALIGTASAN, AT SEGURIDAD

Lubos na nakatuon ang Iron Mountain sa kalusugan, kaligtasan, at seguridad ng mga empleyado nito. Sa katunayan, ang **Sariling Kaligtasan at Seguridad** ay isa sa mga Pagpapahalaga ng aming kompanya. Dahil madalas na direktang nagtatrabaho ang mga supplier kasama ng mga empleyado ng Iron Mountain (o ng aming mga customer), inaasahan sa iyong isagawa ang lahat ng naaangkop na hakbang upang suriin ang mga background at kwalipikasyon ng iyong mga empleyado. Maaaring kasama sa mga naturang hakbang ang pagkumpirma sa mga kakayahan at kasanayan, pagsusuri sa mga kriminal na kasaysayan, pagtatasa sa mga talaan ng pagmamaneho, pagsasagawa ng mga pagsusuri sa kalagayan ng kalusugan, o pagbeberipika ng kuwalipikasyon sa trabaho.

Kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa isang pasilidad ng Iron Mountain, maaaring may ilang partikular na karagdagang nalalapat na panuntunan, gaya ng pagsasagawa ng isang pagsusuri sa panganib sa trabaho bago simulan ang pagtatrabaho o paggawa ng mga atas, pagpapakita ng mga badge ng pagkakakilanlan, pagsailalim sa pagsusuri ng temperatura, o pagsusuot ng personal protective equipment. Maaari ka ring atasan na mag-sign in at mag-sign out sa mga pasilidad o manatili nang may kasamang isang escort sa Iron Mountain. Gayunpaman, sa lahat ng pagkakataon, hindi dapat gumawa ang mga supplier ng anumang uri ng pagkilos na itinuturing na mapanganib, mapagbanta, o nakakapanligalig, at dapat magsagawa ng serbsiyo sa paraang sumusunod sa mga nalalapat na batas at regulasyon sa kalusugan at kaligtasan. Hinihikayat din ng Iron Mountain ang mga supplier nito na magtatag ng malilinaw na pamamaraan sa pagdidisiplina na patas na ipinapatupad sa buong workforce nito.

# LABAN SA DISKRIMINASYON, PAGTATAGUYOD NG PAGKAKAIBA-IBA, AT PATAS NA OPORTUNIDAD SA PAGTATRABAHO

Naniniwala ang Iron Mountain na ginagawa kaming mas mahusay, at mas matatag na kompanya ng aming lubos na pagtuon sa inclusion at pagkakaiba-iba. Ito ay direktang nakakapag-ambag sa aming abilidad na tumugon sa malalawak na hanay ng pangangailangan ng aming mga kostumer, at upang magtagumpay sa merkado. Para makatulong sa pagkamit nito, gumagawa kami ng mga pagpapasya sa trabaho batay lang sa kapasidad ng isang indibidwal na isagawa ang trabaho – at hindi sa mga salik gaya ng lahi, relihiyon, etnisidad, edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan, o iba pang katangiang hindi nauugnay sa mga kakayahan o kuwalipikasyon ng isang indibidwal.

Inaatasan ng Iron Mountain ang mga supplier nito na makibahagi sa mga katulad na pagtuon: na palaging kumilos alinsunod sa mga batas laban sa diskriminasyon, at na magsagawa ng mga konkretong hakbang na nagtataguyod sa pagkamit ng mga layunin ng pagtataguyod ng inclusion at pagkakaiba-iba at alisin ang diskriminasyon sa lugar ng trabaho. Bilang tanda ng ating dedikasyon sa mga prinsipyong ito, ituturing ng Iron Mountain ang pagkakaiba-iba sa lakas paggawa ng isang supplier bilang isang positibong salik sa proseso ng pagpili.

# KAPALIGIRAN AT SUSTAINABILITY

Nakatuon ang Iron Mountain sa pagsasagawa ng negosyo sa isang paraang sustainable at responsable sa kapaligiran. Dahil sa nagpapatakbo tayo ng malalaking sasakyan at may malawak na pag-aaring real estate – kabilang ang mga sentro ng datos – alam natin na maaaring may direktang epekto ang ating mga pagpapasya sa negosyo at panloob na kagawian sa ating mga komunidad at sa kapaligiran. Dahil doon, sa ating pagnenegosyo, ganap tayong sumusunod sa mga nalalapat na batas sa kapaligiran, at patuloy na nagsisikap sa pagpapataas ng sustainability ng ating mga operasyon. Makikipagtulungan lang ang Iron Mountain sa mga supplier na kumikilos alinsunod sa mga nalalapat na batas sa kapaligiran, at mas gusto naming piliin ang mga supplier na may katulad na pagtuon sa mga kagawian sa negosyo na ibinalangkas namin sa aming ulat sa Corporate Social Responsibility.

# LABAN SA PANUNUHOL AT LABAN SA KATIWALIAN

Bilang isang kompanyang nagpapatakbo ng negosyo sa marami at iba't ibang bansa sa mundo, nakatuon ang Iron Mountain sa pagsunod sa mensahe at diwa ng mga nalalapat na batas laban sa panunuhol at katiwalian, gaya ng U.S.Foreign Corrupt Practices Act at U.K.Bribery Act. Sa pangkahalahatan, ipinagbabawal ng mga batas na ito ang pagbibigay, pag-aalok na magbigay, o pagbibigay pahintulot sa iba na magbigay ng anumang bagay na may halaga sa mga opisyal ng pamahalaan o pribadong partido para sa layunin na makakuha ng negosyo, makapagtiyak ng pakinabang, o impluwensiyahan ang isang desisyon sa maling paraan.

Seryoso kami sa pagtuon naming ito –at inaatas namin ang parehong antas ng pagtuon sa aming mga supplier. Dapat na ganap na sumunod ang mga supplier ng Iron Mountain sa lahat ng aspekto ng (at nauugnay na) mga batas na ito – kasama ang mga batas na nauugnay sa pag-uulat ng pananalapi, bookkeeping, pagpapanatili ng mga talaan, at pagsusumite ng mga tumpak na invoice at ulat ng paggastos.

Nananalo ng mga kontrata ang Iron Mountain batay sa kalidad ng mga produkto at serbisyo nito–hindi sa pamamagitan ng mga panunuhol, kickback, pagbibigay ng hindi nararapat na regalo at paglilibang, o mga pampadulas. Bagama't pangkalahatang nalalapat ito sa lahat, maaaring may nalalapat na karagdagang obligasyon kapag nakikitungo sa mga opisyal ng pamahalaan, negosyong pinapatakbo ng pamahalaan, o indibidwal na nauugnay sa mga ito.

# MGA REGALO AT PAGLILIBANG

Hinding-hindi magbibigay ng espesyal na pakikitungo ang Iron Mountain sa mga supplier nang dahil sa ibinigay nilang regalo, paglilibang, o iba pang bagay na may halaga. Hindi maaaring magbigay ng mga regalo ang mga supplier sa Iron Mountain upang subukang impluwensiyahan ang aming mga desisyon sa negosyo, o upang makakuha ng pakinabang laban sa iba pang supplier. Kahit na pinapahintulutan ang mga regalo sa ilalim ng batas at patakaran, dapat pa ring magsagawa ng pag-iingat at mabuting pagpapasya ang mga supplier, dahil kahit ang mga “regular” na gawain sa negosyo ay potensyal na pagmulan ng mga nakakahiyang sitwasyon o magdulot ng panganib para sa mga sangkot.

Dapat gawing pamilyar ng mga supplier ang mga sarili nila sa Patakaran sa Mga Regalo, Hospitality, at Mapagkawanggawang Kontribusyon ng Iron Mountain, at huwag mag-alok o tumanggap ng mga regalong lumalabag dito.

# PAGBIBIGAY NG MGA SERBISYO SA PAMAHALAAN

Pinagkakatiwalaan ng mga pamahalaan sa buong mundo ang Iron Mountain na protektahan ang kanilang mahahalagang impormasyon at mga di-mapapalitang asset. Bagama't kumikilos tayo nang may pinakamataas na antas ng integridad sa lahat ng ating customer, karaniwang may mga karagdagang obligasyon ang paghahatid ng serbisyo sa pamahalaan – na bilang pinagkakatiwalaang supplier namin, maaaring ipasa sa iyo.

Kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa ngalan ng Iron Mountain sa mga pederal na pamahalaan, estado, o lokal na pamahalaan, maaari kang mapasailalim sa mga partikular na kinakailangang nauugnay sa mga sweldo, oras, kondisyon sa pagtatrabaho, pagpepresyo, pagreregalo, lobbying, mga salungatan ng interes, o wastong pangangasiwa ng impormasyon. Maaaring may mga natatanging kinakailangan din sa operasyon, o paghihigpit sa kuwalipikasyon (o pahintulot) sa mga indibidwal upang makapagbigay ng serbisyo.

Responsibilidad mong unawain at sundin ang mga pagtuon sa pagsunod na kasama sa paghahatid ng serbisyo sa pamahalaan – nalalapat man ang mga ito sa iyo nang direkta alinsunod sa batas, o sa pamamagitan ng iyong kontrata sa Iron Mountain.

# MGA SALUNGATAN NG INTERES

Kapag nakakasagabal ang pakikipagkaibigan, relasyon sa pamilya, pampinansyal na interes, o iba pang katulad na sitwasyon (o may potensyal na makasagabal) sa kakayahan mong maging tapat at patas sa pagpapasya sa negosyo, o na magbigay ng mga produkto o serbisyo sa Iron Mountain, maaaring magdulot ito ng salungatan ng interes. Inaatasan ang mga supplier na iparating ang mga naturang alalahanin (o mga potensyal na alalahanin) sa Iron Mountain bago itatag ang ugnayang pangnegosyo, o anumang oras pagkatapos, kung magkaroon ng bagong salungatan.

# MGA INTERNASYONAL NA BATAS AT REGULASYON SA PAKIKIPAGKALAKALAN

Nagpapatakbo kami ng negosyo sa maraming bansa na nagpapataw ng kontrol sa pag-import at pag-export ng sensitibong kagamitan at datos (gaya ng hardware ng computer at teknolohiya sa pag-encrypt). Mayroon ding mga pandaigdigang restriksyon sa pakikipagnegosyo sa partikular na mga grupo, indibidwal, o bansa. Napakahalaga ng mahigpit na pagsunod sa mga pandaigdigang batas at regulasyon sa pakikipagkalakalan upang mapanatili ang ating abilidad na magsagawa ng negosyo sa iba't ibang bansa, at isang mahalagang paraan sa pagsasabuhay ng aming Pagpapahalaga sa **Sariling Kaligtasan at Seguridad**. Sa kadahilanang iyan, hindi kami nakikipagtransaksyon sa mga supplier na lumilitaw sa mga listahan ng pinagbabawalan ng pamamahalaan. Kung batid mo na lumilitaw ka sa anumang naturang listahan, mangyaring ipaalam ito sa iyong kinatawan ng Iron Mountain bago mo ibigay sa amin ang mga kalakal o serbisyo. Bagaman ang mahahalagang paghihigpit sa regulasyong ito ay nalalapat sa iyo – at inaatasan ka naming unawain at sundin ang mga ito – maaaring nalalapat din ang mga ito sa iyong mga supplier, at inaatasan ka naming ipasa ang mga iyon kung naaangkop.

# INSIDER TRADING

Ang Iron Mountain ay isang kompanyang nakikipagkalakalan sa publiko na may iba't ibang legal na obligasyon sa mga shareholder nito at tagapangasiwa nito mula sa pamahalaan. Bilang isang supplier, maaaring may ipagkatiwala sa iyong impormasyon na hindi pa (o maaaring hindi kailanman) ibunyag sa publiko. Maaaring maapektuhan ng impormasyong ito ang ating stock price, o ang tinatayang halaga ng iba pang kompanya. Ganap kang pinagbabawalan ng ating mga etikal na pamantayan (at ng batas) sa pagkilos sa mga naturang impormasyon. Hindi lang ito direktang nalalapat sa iyo at sa iyong mga empleyado, ngunit sa pamilya, mga kaibigan, o iba pang maaaring nasa posisyon upang mamuhunan sa mga pagpapasyang batay sa impormasyon. Kung may access ka sa naturang impormasyon, inaasahan sa iyong panatilihin itong kumpidensyal, at pangasiwaan ito nang may pinakamataas na antas ng pangangalaga at pag-iingat.

# ANTITRUST AT PATAS NA KOMPETISYON

Nakatuon ang Iron Mountain sa patas na pakikipagkumpitensya sa merkado, at pagsunod sa lahat ng nalalapat na batas kaugnay ng antitrust at patas na kompetisyon. Aktibo naming iniiwasan ang mga sitwasyong maaaring magbigay ng impresyon ng hindi kaangkupan o panlilinlang.

Kapag nagbibigay ng serbisyo sa Iron Mountain, inaatasan ka naming sumunod sa mga legal at etikal na pamantayang ito – at partikular na iwasan ang pagkolekta o pagbabahagi ng sensitibong impormasyon para sa kompetisyon gaya ng mga listahan ng kostumer o impormasyon ng pagpepresyo o diskwento.

# PAGGAMIT NG MGA SUBCONTRACTOR

Nauunawaan ng Iron Mountain na sa kasalukuyang kapaligiran sa negosyo, maaaring magkaroon ng dahilan ang mga supplier na i-subcontract ang ilang partikular na aspekto ng paghahatid ng kanilang serbisyo. Para maging supplier ng Iron Mountain, dapat kang makapasa sa isang mahigpit na proseso ng pagkuha, na maaaring kabilangan ng mahigpit na naaangkop na pag-iingat ng iyong negosyo. Kaya bago ka magtalaga ng mga tungkulin sa mga subcontractor, inaasahan sa iyo (at maaaring iatas ng batas o kontrata) na magsagawa ng mga katulad na antas ng naaangkop na pag-iingat sa kanila, at i-flow-down ang lahat ng naaangkop na legal na obligasyon at obligasyon ayon sa kontrata (kasama ang mga tuntunin sa di-pagsisiwalat at pagiging kumpidensyal, o ang mga probisyon na kinakailangan kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa pamahalaan). Pagkatapos nito, responsibilidad mong subaybayan at ipatupad ang pagsunod sa iyong mga subcontractor kaugnay ng mga obligasyong ipapasa mo.

Tiyakin ding suriin ang iyong kontrata upang malaman kung kailangan mong bigyan ng abiso ang Iron Mountain, o kunin ang aming pahintulot bago mag-subcontract.

# BRAND AT REPUTASYON

Bilang supplier ng Iron Mountain, maaaring direktang makaapekto ang iyong aksyon at mga kagawian sa negosyo sa isa sa aming mga pinakapinahahalagahang asset: ang aming reputasyon. Partikular na totoo ito kapag direkta kang nakikipagtransaksyon sa ngalan namin sa aming mga kostumer o sa publiko. Dahil doon, dapat kang palaging kumilos sa responsable at etikal na paraan, na nakakatugon sa aming Mga Pagpapahalaga at Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo.

Maliban na lang kung hayagan kang inawtorisahang gawin ito, hindi mo maaaring banggitin sa publiko ang tungkol sa ating ugnayang pangnegosyo, o magbigay ng mga pahayag (sa anumang paraan) na kumakatawan sa Iron Mountain. Dapat isangguni ang lahat ng tanong ng media (kabilang ang social media) sa iyong kinatawan ng Iron Mountain.

# PAGSUSURI SA PAGSUNOD AT PAG-UULAT NG MGA PAGLABAG

Bilang supplier ng Iron Mountain, obligasyon mong sumunod sa mga probisyon ng Kodigong ito, at alinsunod sa mga tuntunin ng pag-audit na maaaring nasa iyong kasunduan, karapatan ng Iron Mountain na beripikahin ang pagsunod. Para makatulong sa pagbibigay ng katiyakan, maaari naming hilingin sa iyo na sumagot sa mga tanong ukol sa mga probisyon ng Kodigong ito at magbigay ng mga dokumento o katunayang sumusuporta sa iyong pagsunod.

Obligasyon mo rin na iulat kaagad ang hinihinala o aktuwal na mga paglabag sa Kodigong ito, sa batas, o iba pang aspekto ng ng iyong negsosyo sa Iron Mountain. Lahat ng ulat ay tutugunan sa seryosong paraan, at lubos na iimbestigahan. Pangangasiwaan nang may pag-iingat, at pananatilihing kumpidensyal hangga't maaari ang anumang impormasyong ibibigay mo.

Hinihikayat kang iulat ang mga paglabag sa iyong kinatawan ng Iron Mountain. Kapag hindi ito posible o naaangkop, makipag-ugnayan sa team ng Pandaigdigang Privacy at pagsunod sa compliance@ironmountain.com, o sa Ethics Line ng Iron Mountain. Pinapatakbo ng isang hiwalay na kumpanya ang Ethics Line, at (kung saan pinapahintulutan ng batas) mapipili mong manatiling ganap na anonymous. Upang mag-ulat online, o upang ma-access ang listahan ng mga pandaigdigang numero ng telepono ng Ethics Line, pakibisita ang www.IMEthicsLine.com. Ang pagkabigong mag-ulat ng mga paglabag ay maaaring magresulta sa pagwawakas ng ating ugnayang pangnegosyo.

# PAGBABAWAL SA PAGHIHIGANTI

Ang Iron Mountain ay may mahigpit na patakarang nagbabawal sa paghihiganti kaugnay ng pag-uulat nang may mabuting hangarin sa mga legal o etikal na paglabag. Ang sinumang empleyado o manager na maghihiganti, o susubukang maghiganti, o nag-uudyok sa iba na maghiganti, laban sa isang empleyado o supplier na nag-ulat ng paglabag ay haharap sa matinding pandisiplinang hakbang, na aabot sa at kasama ang pagkakatanggal sa trabaho. Tatapusin ng Iron Mountain ang ugnayang pangnegosyo nito sa iyo bilang isang supplier kung matuklasan naming nakisangkot ka sa paghihiganti laban sa isa sa iyong mga empleyado bilang pagtugon sa pag-uulat niya ng paglabag.

# PAGBABAWAL SA PAGGAWA NG MGA KARAPATAN NG THIRD PARTY

Ang Kodigo ng Asal para sa Supplier ng Iron Mountain ay hindi gumagawa ng mga bago o karagdagang karapatan sa bahagi ng mga third party (o sa kanilang mga benepisyaryo). Kasama rito ang karapatan ng mga empleyado ng supplier na pilitin ang Iron Mountain na ipatupad ang anumang probisyon ng Kodigong ito.

Sinusuportahan, ngunit hindi pinangingibabawan, ng Kodigong ito ang mga karapatan at obligasyong itinakda sa ilalim ng kontrata sa pagitan ng Iron Mountain at ng supplier.

IRON MOUNTAIN®

800.899.IRON | IRONMOUNTAIN.COM

**TUNGKOL SA IRON MOUNTAIN**

Ang Iron Mountain Incorporated (NYSE: IRM), na itinatag noong 1951, ay isang nangungunang provider ng mga serbisyo sa storage at pamamahala ng impormasyon. Pinagtitiwalaan ng mahigit sa 220,000 organisasyon sa buong mundo, at may network ng real estate na lampas sa 85 milyong talampakang kwadrado sa higit sa 1,400 pasilidad sa mahigit sa 50 bansa, iniimbak at pinoprotektahan ng Iron Mountain ang bilyun-bilyong asset na impormasyon, kasama ang mahalagang impormasyon ng negosyo, napakasensitibong datos, at mga artifact na pangkultura at makasaysayan. Sa pagbibigay ng mga solusyong kalakip ang ligtas na pag-iimbak, pamamahala sa impormasyon, digital na pagbabago, ligtas na pagsira, gayundin ang mga sentro ng datos, pag-iimbak at lohistiko ng sining, at mga cloud service, tinutulungan ng Iron Mountain ang mga organisasyon para mapababa ang mga gastusin at panganib, sumunod sa mga regulasyon, maka-recover sa sakuna, at magbigay-daan sa mas digital na paraan ng pagtatrabaho. Bisitahin ang www.ironmountain.com para sa karagdagang impormasyon.

© 2021 Iron Mountain Incorporated. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang Iron Mountain at ang disenyo ng bundok ay mga nakarehistrong trademark ng Iron Mountain Incorporated sa U.S. at iba pang bansa. Pag-aari ng kani-kanilang may-ari ang lahat ng iba pang trademark at nakarehistrong trademark.

USLGL-WP-122120A